# MAY PAG-ASA SA GITNA NG PANDEMYA

*by:*
**Cecille C. Viray**
*Administrative Officer II, Our Lady of Lourdes Elementary School*

Ano ang COVID-19?

Ang COVID-19 ay isang sakit na sanhi ng coronavirus SARS-CoV-2, inaapektuhan nito ang baga, daanan ng hangin at iba pang mga bahagi ng katawan.

Mga sintomas ng COVID-19

Kabilang sa mga sintomas ang:

bago at lumalalang pag-ubo

lagnat

pangangapos ng hininga

masakit na lalamunan

pagbahing at tumutulong sipon

pansamantalang kawalan ng pang-amoy o naibang panlasa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Taong 2020, buong mundo ay nagulat at talagang nangamba sa biglang paglabas ng nakamamatay na Covid19 Virus. Ang laking epekto nito sa lahat, natakot, nag-alala at nahirapan sa pagsulpot ng nakababahala at nakamamatay na virus na ito.

Maraming bansa, lugar at establisyemento ang apektado, marami ring nagbuwis ng buhay, mayaman man o mahirap ay walang nakaligtas sa kalabang virus na ito. Mga

eksperto ay nahirapan kung paano ito mapipigil at mabibigyan ng lunas pero walang sumuko hanggang sa makatuklas ng bakuna para rito.

Hindi madali ang pinagdaanan ng bawat isa, lalo na ng ipatupad ang total lockdown, nahirapan ang sambayanan sa pagbangon at sa pagsalba ng kabuhayan. Marahil sabi nga palo ito ng Poong Maykapal dahil marami nang masamang tao sa panahon ngayon. Naging eye opener ito sa lahat, marami ang mas napalapit sa Diyos at maraming mas pinahalagahan ang buhay kesa sa ano mang karangyaan o kalayawan sa buhay.

May masama ngunit may mabuti ring epekto ang Corona Virus sa bawat isa, sa ngayon patuloy pa rin ang pakikibaka natin dito dahil hindi pa rin tayo Covid19 free, sundin nating lagi ang minimun health protocols, patuloy na pagsusuot ng mask, palagiang paghuhugas ng kamay, paggamit ng alcohol at maintain social distancing. Darating din ang araw at oras na makakabalik din tayo sa normal, habang may buhay may pag-asa at palagi tayong humingi ng awa sa ating Dakilang Lumikha.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://covid19.govt.nz/languages-and-resources/translations/tagalog/prepare-and-stay-safe/information-about-covid-19/the-covid-19-virus-and-symptoms